Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

RECEIVED SEP 09 2024

Setyembre 05, 2024

Bb. ROSALIA CORTEZ
Provincial Board Secretary - OIC
Sangguniang Panlalawigan
Sta. Cruz, Laguna

Mahal na Kalihim:

Magalang na isinusumite sa inyong Tanggapan ang naritong kalakip na Pambayan/Municipal Ordinance at Appropriation Ordinance na napagtibay ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, gaya ng mga sumusunod:

1. Pambayang Kautusan Blg. 038-2024– Isang Kautusang Nagtatag ng Pamantayan sa Paghirang ng mga Miyembro ng mga barangay Tanod at Nagtatag ng Taunang Anibersaryo ng mga Barangay Tanod ng Bayan ng Cavinti at Pagtukoy sa kanilang mga Tungkulin at Responsibilidad at Kaukulang Pondo.

2. Appropriation Ordinance No. 020-2024 - An Ordinance Approving Supplemental Budget No. 4 and 5 F.Y 2024 of the Municipality of Cavinti, Laguna to be taken from Savings from Other Personal Benefits Amounting to Two Hundred Thousand Eighty Pesos 31/100(PHP 200,080.31) and One Million Two Hundred Fifty-Four Thousand Eight Hundred Eighty-Nine Pesos 42/100(PHP 1,254,889.42) F.Y 2024 with a Total amount of One Million Four Hundred Fifty-Four Thousand Nine Hundred Sixty-Nine Pesos 73/100(PHP 1,454,969.73) for the Implementation of the First Tranched of the Modified Salary Schedule for Local government Personnel Pursuant to Executive Order 64 S. 2024.

Kalakip:

1. Proposed Supplemental Budget No. 4 and 5
2. Statement of Supplemental Appropriation
3. Statement of Other Personal Benefit
4. LBP Form No. 8
5. LBP Form No. 9
6. Supplemental Annual Investment Program
7. MDC Kap. Blg. 2024-004
8. RES. NO. 487-2024

Lubos na gumagalang,

NITZSHELL T. DELA TORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

HALAW SA KATITIKAN NG IKA- 96 NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN (2022-2025) NG CAVINTI LAGUNA, NA GINANAP NOONG IKA- 19 NG AGOSTO, 2024 SA BAHAY PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN, GUSALING ABC, CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. MILBERT L. OLIVEROS, PANG. PUNUMBAYAN;

Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Limron O. Sanchez, SB Member

HINDI DUMALO: Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President;
*(nasa Opisyal na Lakad)*

SEP 09 2024

**PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 038 - 2024**

**May-Akda: KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member**
*Chairman Committee on Ordinances and Legal Matters*

**ISANG KAUTUSANG NAGTATATAG NG PAMANTAYAN SA PAGHIRANG NG MGA MIYEMBRO NG MGA BARANGAY TANOD AT NAGTATATAG NG TAUNANG ANIBERSARYO NG MGA BARANGAY TANOD NG BAYAN NG CAVINTI AT PAGTUKOY SA KANILANG MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD AT KAUKULANG PONDO;**

**SAPAGKAT,** ayon sa Artikulo II Seksyon 4 ng Saligang Batas, ang pangunahing tungkulin ng Pamahalaan ay magsilbi at pangalagaan ang mga mamamayan. Ang Pamahalaan ay maaaring tawagin ang mga mamamayan upang ipagtanggol ang Bansa at sa pagtupad nito, lahat ng mga mamamayan ay maaaring maglingkod ng *military* o sibil sa serbisyo ng naaayon sa batas;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Batas ng Republika Blg. 7160 o mas higit na kilala sa tawag na "Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991" Seksyon 387(b) na Ang Sangguniang Barangay ay maaaring bumuo ng *brigade* sa komunidad at lumikha ng iba pang posisyon o mga tanggapang ipinalalagay na kailangan sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng pamahalaang Barangay sang-ayon sa mga pangangailangan ng Serbisyo-Publiko;

**SAPAGKAT,** ayon sa Kapitulo 3 ng Seksyon 389 ng Local Government code ng 1991, ang ikapitong kapangyarihan ng Punong Barangay ay bumuo at manguna sa mga grupong pang *emergency* kung ito kakailanganin upang panatilihin ang kapayapaan at kaayusan o sa mga panahon ng *emergency* o kalamidad;

**SAPAGKAT,** itinadhana rin ng Seksyon 391 (16) ng Kodigo, na maglaan para sa pagbuo ng Brigada sa komunidad, mga Barangay Tanod o mga yunit ng pampamayanang paglilingkod kung hinihingi ng pangyayari;

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

OFFICE OF THE MAYOR
CAVINTI, LAGUNA
RECEIVED
BY: REGINE CARLA R. MEJILLA
DATE 05 SEP 2024 TIME 9:20

**SAPAGKAT,** sinasaad din sa Seksyon 393(d) na ang lahat ng naaayos sa Batas na itinalagang mga kagawad ng mga brigada ng Barangay Tanod o kanilang katugon, na magkakaroon ng bilang na hindi hihigit sa dalawampu(20) bawat barangay, ay pagkakalooban ng seguro at iba pang benepisyo sa panahon ng kanilang panunungkulan, na ipapataw sa barangay na pambayang pamahalaang kinabibilangan ng barangay;

**SAPAGKAT**, alinsunod din sa Palibot Liham ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal Blg. 2003-042, na nagbibigay ng administrasyon sa mga Barangay Tanod at mga alituntunin sa pagiging propesyonal at maaasahang brigada ng komunidad at sa lipunan;

**SAPAGKAT,** ang mga Barangay Tanod ay may ginagampanang mahalagang papel sa pagpapaunlad ng barangay, bilang sila rin ang tagapagpatupad ng mekanismo sa pagpapanatili ng Kapayapaan at Kaayusan ng Komunidad;

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng pagkilala sa Anibersaryo ng Samahan ng mga Barangay Tanod ng Labing siyam(19) na Barangay na kinilala na ito noon pa ng Pamahalaang Lokal ng Cavinti dalawampung taon ang nakakalipas, na sa kasalukuyan ay biglang naglaho at kinakailangan na ulit itong buhayin upang sa gayon ay hustong mabigyan ng pagpapahalaga ang kapakinabangan ng mga Barangay Tanod;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** matapos ang isang Malaya at masinsinang talakayan sa panukala ni **KGG. ROMEL J. VILLANUEVA,** miyembro ng Sangguniang Bayan at buong puso namang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINAG-UUTOS**, ng Kgg. Sangguniang Bayan na nagkakatipon-tipon, na

**SEKSYON I. TITULO**. Ang kautusang ito ay kikilalanin bilang: "**BARANGAY TANOD ORDINANCE NG BAYAN NG CAVINTI.**"

**SEKSYON 2. LAYUNIN**. Layunin ng Kautusang ito na mas higit na mabigyan ng pagpapahalaga ang palagiang mga nasa bukana o harapang bahagi ng paglilingkod sa mga ka-nayonan ang mga tapangalaga ng kaayusan at katahimikan, sa panahon ng kagipitan, sakuna, at kalamidad. Upang mabigyan pa ng pansin ang kanilang mga ginagampanang tungkulin, mapaunlad pa ang kanilang kaalaman at mga kakayahan para sa mas higit pang paghahatid ng mga pangunahing serbisyo sa mga ka-barangay o ka-mamamayan. Magkaroon ng isang Araw ng Pagkilala sa kanilang mga ambag-Kontribusyon bilang bahagi at katuwang sa pagpapaunlad ng Bayan. At ito ang mga Miyembro ng mga Barangay Tanod ng Labing Siyam (19) Barangay ng Bayan ng Cavinti.

**SEKSYON 3. SINASAKLAWAN**. Saklaw ng Kautusang ito ay mga bumubuo ng Labing Siyam(19) na Sangguniang Barangay ng Bayan ng Cavinti na silang tagapag buo ng mga Brigada ng Tanod at ang mga miyembrong itinalaga ng Punong Barangay ng Labing siyam na Barangay.

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Punumbayan

**MILBERT L. OLIVEROS**
Pang. Punumbayan

**NITZSHELL TORRES - DELATORRE**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**SEKSYON 4. PAGHIRANG/PAGTATALAGA**. Ang mga miyembro ng mga Barangay Tanod ay hihirangin ng Punong Barangay sa loob ng Siyam na pung Araw matapos ang halalang Pambarangay sa pamamagitan ng isang resolusyon na kinilala rin ng mga bumbubuo ng Sangguniang Barangay o ng Barangay *Peace and Order Council*.

**SEKSYON 5. MGA KATANGIAN NG ISANG BARANGAY TANOD:**

1. Isang Filipinong Mamamayan;
2. Kinakailangang residente ng Barangay sa loob ng anim na Buwan;
3. Rehistradong botante ng Barangay;
4. Labing walong (18) taong gulang ;
5. May magandang Pag-uugali;
6. Malusog na pangangatawan at may wastong pag-iisip. Kinakailangang magsumite ng *Medical Clearance* mula sa Pambayang Maggagamot.
7. Marunong bumasa at sumulat.

**SEKSYON 6. IBA PA NA DAPAT HIRANGIN:**

1. Mga retiradong empleyado ng gobyerno;
2. Dating Pulis;
3. Dating Militar;
4. At iba pa na nagsilbi bilang kawani ng gobyerno at pribadong kumpanya.

**SEKSYON 7. PAGPUTOL SA PAGHIRANG NG MIYEMBRO NG TANOD**. Maaaring bawiin ng Punong Barangay ang mga hinirang na miyembro ng mga Tanod sa mga kadahilanang kagaya ng mga sumusunod;

1. Paglabag sa mga Batas sa ilalim ng mga nilalaman ng The Revised Penal Code;
2. Paggawa ng krimen na kinasasangkotan na mga immoral na Gawain;
3. Malawakang pagpapabaya sa tungkulin;
4. Boluntaryong pagbibitiw;
5. At iba pa na matutukoy ng Barangay Peace and Order Council.

At sa pagtatapos ng paghirang(appointment) bunga ng Termino ng Punong Barangay, Ang BPOC ay magsusumite sa Tanggapan ng Punong Barangay para sa panibagong grupo ng mga Tanod.

**SEKSYON 8. DEPLOYMENT(Lawak ng sakop ng Paghahatid ng Serbisyo).** Ang karaniwang operasyon ng pagpapakalat ng serbisyo ng mga miyembro ng Tanod ay ang kanilang mga nasasakupang Barangay . Ngunit, maaari ding magbigay ng asiste sa mga Barangay sa pamamagitan ng isang sulat-kahilingan mula sa Punong Barangay ng iba pang BArangay.

**SEKSYON 9. MGA KAGAMITAN**. Maaaring maglaan ng Pondo ang bawat pamahaalang Barangay upang mabigyan ng mga kaukulang kagamitan ang kanilang mga hinirang na Tanod gaya ng mga sumusunod :

**ARRANTLEE R. ARROYO**
Punumbayan

**MILBERT L. OLIVEROS**
Pang. Punumbayan

**NITZSHELL TORRES - DELATORRE**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

1. Opisyal na Uniporme;
2. Baton na may sintron at bayna;
3. *Tear Gas*;
4. *Two-way radio/Handheld radio;*
5. *Handcuff* na may bayna;
6. Pito;
7. *Flashlight;*
8. Kapote;
9. Bota;
10. Kuwaderno at bolpen;
11. Mga kagamitan sa unang panglunas (*First Aid Kit*).
12. Fire Extinguisher (para sa Tanod *Outpost*)

**SEKSYON 10. MGA BENEPISYO**. Maglalaan ang Pamahalaang Barangay at Lokal na Pamahalaan ng pondo (Kapasidad ng Taunang Badyet) para sa:

1. Barangay – lahat ng nahirang ng miyembro ng Tanod ay gagawaran ng Pabuya sa Paglilingkod (*Honorarium)* , *Allowance, Insurance*, at iba pang benepisyo sa ilalim ng itinakda ng Section 393 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991;
2. Pamahalaang Bayan – ang pamahalaang Bayan ng Cavinti ay magbibigay ng karampatang *honorarium* sa abot ng pondo at insentibo at gagawad sa pinakamahusay gumanap sa tungkulin na Tanod at/o mga Tanod.

**SEKSYON 11. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD NG MGA BARANGAY TANOD.** Alinsunod sa pangunguna ng Punong Barangay, ang Barangay Tanod ay dapat na:

1. Pakilusin ang mga mamamayan sa Barangay laban sa krimen, bisyo, droga, at *Juvenile delinquency*;
2. Hadlangan ang mga kaguluhan gaya ng pagkagulat, kalituhan, aklas, at nakawan sa panahon ng sakuna at kalamidad;
3. Gisingin upang ipamulat ang pakikilahok bilang mamamayan at pagkakaroon ng disiplina ng mga kasapi;
4. Palaganapin ang Magandang ugnayan ng pulisya at ng Barangay;
5. Hadlangan at ihinto ang paglaganap ng mga lugar na pinagmulan ng krimen gaya ng mga pinamumugaran ng mga bisyo at sugalan at bahay ng mga nagbibili ng panandaliang aliw;
6. Maging huwaran ng isang tumutupad sa tungkulin bilang mamamayan at sariling nagsisikap sa pagpapatupad ng mga araw-araw na Gawain;
7. Hadlanganang hindi naaayon sa batas na pagkasira ng likas na yaman at alagaan ang mga kagubatan at mga hayop;
8. Tumulong sa mga opisyales ng Barangay sap ag-iwas sa krimen at pagtataguyod ng pampublikong kaligtasan;
9. Magsagawa ng regular na roda sa Barangay;
10. Ipaalam sa kinauukulang opisyales ng Barangay o Hotline ng Bayan at Cavinti PNP Headquarters kung may nagaganap na krimen, sunog, aksidente, pampublikong panggugulo at anumang Gawain na nakasisira sa kalikasan at iba pang biglaang pangyayari sa barangay;

ARRANLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHEL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

11. Bantayan ang Barangay laban sa anumang kahina-hinalang tao at pangyayari, criminal, at iba pang masamang element sa loob ng kani-kanilang mga nasasakupan at ipaalam ang mga ito sa kinauukulang awtoridad o Hotline ng Munisipyo;
12. Tulungan ang pulisya at ang mga Lupong Tagapamayapa sa pagpapatupad ng warrants/patawag sa Barangay at iba pang prosesong judicial katulad ng pag-alam sa regular na pinupuntahan ng mga nawawalang tao, sa pag-aresto sa mga nakatakas na bilanggo at iba pang may pananagutan sa batas at sa pagbabalik/pagsasauli ng mga nawawalang bagay o pagmamay-ari;
13. Makipagtulungan sa mga opisyales ng barangay, pulisya/local na awtoridad sa kampanya laban sa lahat ng uri ng krimen katulad ng terorismo, smuggling, carnapping, pag-aangkat at pagtutulak ng droga, illegal na sugal, pang-aabuso sa bata at kababaihan, at lahat ng uro ng masamang bisyo at sindikato;
14. Tumulong sa pagpapatupad ng Fire Code of the Philippines;
15. Alamin ang lahat ng uri ng sakuna dulot ng sunog at paglabag sa pampublikong kaligtasan at lapatan ito ng karampatang pagtutuwid at pagsasaayos sa abot ng kanilang kakayahan;
16. Tumulong sa pagpapanatili ng maayos na daloy ng trapiko;
17. Mag-ipon at magpakalat ng Impormasyon;
18. Suportahan at tulungan sa pagpapatupad ng mga proyektong pangkaunalaran sa barangay;
19. Tumulong sa pagbibigay ng serbisyo tungkol sa kalusugan, trapik, kaligtasan, at seguridad sa sakuna at kalamidad;
20. Ipatupad ang mga iniatang na mga Kautusang Pambayan at Pambarangay;
21. Gampanan ang iba pang tungkulin na ipinag-uutos ng Punong Barangay.

**SEKSYON 12. TUNGKULIN NG MGA BARANGAY TANOD SA PANAHON NG MGA EMERGENCY AT SAKUNA'T KALAMIDAD.**

1. Tumulong sa pagpapatupad ng *Community-Based Early Warning System;*
2. Maghanap at magligtas(Search and Rescue);
3. Magpaunang lunas sa mga biktima;
4. Tumulong sa paglilinis o pagtatanggal ng mga debris at pag-aayos sa mga daan, riles, pantalan, at iba pang mga pangunahing lugar;
5. Tumulong sa pagsasagawa ng pagbakwis ng mga mamamayan at livestock;
6. Pagpapanatili ng pampublikong moral;
7. Magpakalat ng tamang impormasyon.

**SEKSYON 13. IBA PANG MGA GAMPANIN**. Ang isang Barangay Tanod lalo't higit ang Hepe ng mga Tanod ay tutulong din sa Punong Barangay sa pagsasagawa sa ilalim ng:

1. Barangay Peace and Order Council;
2. Barangay *Anti-Drug Abuse Council*;
3. Barangay *Health Emergency Response Team*;
4. Barangay *Council for the Protection of Children*;
5. Barangay *Anti-Violence Against Women and Their Children;*

ARRANTIXE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**SEKSYON 14. PAGBUO NG KAPASIDAD/KAKAYAHAN**. Ang mga miyembro ng mga Barangay Tanod ay kinakailangang bigyan ng mga pagsasanay sa pamamagitan nang:

1. Responsibilidad ng Pamahalaang Barangay at ng Pamahalaang Bayan ng maglaan ng karampatang pondo para sa mga pagsasanay upang mapahinusay ang kanilang tungkuking ginagampanan;
2. Ang *National Barangay Operation Office* (NBOO) ay magbibigay ng mga modules gaya ng mga sumusunod:
   a) Ang Profile ng Barangay Tanod;
   b) Gender-Sensetive, Child-Friendly, IP Relevant Barangay Tanod;
   c) BArangay Tanod as First Responders;
   d) BArangay Tanod in Action.

**SEKSYON 15. ARAW NG TAUNANG ANIBERSARYO NG MGA BARANGAY TANOD**. Itatakda ng Kautusang ito ang Taunang Anibersaryo ng mga Barangay Tanod ng Cavinti tuwing **IKA-24 NG SETYEMBRE** ng bawat taon bilang pagkilala ng mga Pamahalaang Barangay ng Cavinti at Pamahalaang Bayan ng Cavinti sa kanilang mga ambag-kontribusyon sa pagpapanatili ng kaayusan at katahimikan ng barangay at ng bayan at pagiging katuwang sa pag-unlad ng bayan at sa kanilang mahusay na pagganap sa kanilang mga tungkulin. Dito rin maaaring isagawa ang pagbibigay ng mga insintibo at paggawad.

**SEKSYON 16. PAGMUMULAN NG PONDO** . Ang pondo ng pagsasagawa ng Taunang Anibersaryo ng mga Tanod ay magmumula sa:

1. Pamahalaang Barangay - maglalaan ang Pamahalaang Barangay sa kanilang Taunang Badyet at/o sa iba pang Special Lumpsum Fund gaya ng GAD, at Cultural Fund;
2. Pamahalaang Bayan – maglalaan ang Pamahalaang Bayan ng Cavinti sa kanilang Taunang Badyet at/o sa iba pang maaaring pagkuhanan.

**SEKSYON 17. SUGNAY NA NAGPAPAWALANG BISA.** Na ang anumang mga naunang kautusan na sumasalungat sa isinasaad ng kautusang ito ay pinawawalang bisa at saysay, upang mabigyang daan ang mga pag-amyenda sa kautusang ito.

**SEKSYON 18. HIWALAY NA SUGNAY** . Na kapag ang anumang bahagi o probisyon ng kautusang ito ay naideklarang hindi naaayon sa mga Saligang Batas at iba pang takdain ay hindi nakakaapekto sa katumpakan at pagkakabisa ng iba pang mga bahagi o probisyon.

**SEKSYON 19. PAGKAKABISA.** Na ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay ganap na mapagtibay ng Sangguniang Bayan , dumaan sa isang pampublikong-pandinig, at hustong napag-aralan at kinilala ng Sangguniang Panlalawigan at maipaskel sa mga hayag na lugar at Social Media Account ng Bayan sa naloloob ng Labin-Limang (15) araw.

**PINAGTIBAY .**

ARRANTLEE R. ARROYO
Punumbayan

MILBERT L. OLIVEROS
Pang. Punumbayan

NITZSHELL TORRES - DELATORRE
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINATUTUNAYAN KO** ang kautusang nasasaad sa itaas ay halaw sa katitikan ng ika- 96 na Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan noong ika-19 ng Agosto.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

**ATTESTED:**

**HON. MILBERT L. OLIVEROS**
**Vice Mayor/ Presiding Officer**

**APPROVED:**

**HON. ARRANTLEE R. ARROYO**
**MUNICIPAL MAYOR**
**Date Signed : ___________**